SA MAMAMAYAN NG PREFECTURE

Abril 28,2009 (Martes)
Hakbang Ng Nagano Prefecture
laban sa bagong uri ng Influenza
Punong Tanggapan Gov. Jin Murai

Nitong mga nakaraang araw, ang inpeksiyon sa Swine flu ng America at Mexico ang suliraning kinakaharap . Ipinahayag ngika-28 ng Abrin ng WHO (World Health Organization) ,ang katiyakan tungkol sa inpeksiyon sa pagkahawa ng tao sa tao at itinaas ang level nito sa Phase 4 simula ng lumaganap. Opisyal na ipinahayag ng Minister of Health Labor and Welfare ng bansang Hapon ang bagong uri ng trangkasong ito.

Sa pagtugon nito, ang mabilisang pagkilos ng Prefecture, ay isinagawa ngayong alas 7:05 ng umaga, bilang hakbang laban sa bagong uri ng influenza, sa hangarin na maiwasan ang pinsala sa kalusugan.Kasabay nito ay ang pakiusap ng pagtatatag sa bawat puno ng lugar na isasagawa pa.

Ang Prefecture ay handang makikipag-ugnayan at makipag tulungan sa lahat ng mga may kinalamang institusyon at bumuo ng nararapat na hakbang upang maipahatid ang sapat na babala at impormasyon ng ibang bansa at ng buong Japan. Inaasahan ang pang-unawa at pakikipagtulungan ng mga mamamayan.

Sa kasalukuyan, ipinakikusap ang mga sumusunod.

- mahinahong pagtugon, habang wala pang laganap na pasyente sa bansa.
- Huwag magkamali sa pag-unawa na ang pagkain ng karne ng baboy at mga frozen food ay walang kinalaman at hindi makakainpeksiyon.
- Magpunta at magpatingin kaagad sa health center bago magpunta sa doctor kung nanggaling sa ibang bansa at may sintomas na 38 degree na taas ng lagnat ,hindi makahinga o may ubo sa loob ng sampung araw.
- Kung pupunta sa ibang bansa,hanggant maaari ay iwasan na humawak sa mga hayop, magsuot ng facemask, magmumog at maghugas ng kamay bilang pag-iingat
- Takpan ang ilong at bibig ng tissue kung uubo o babahin. Magsuot ng facemask.
- Mag-ingat sa mga susunod pang babala at agarang impormasyong ihahatid.